REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA
TEL. NO. 842-04-22 LOCAL 51
FAX No. 842-5549 • 842-6196 • 842-4926

SANGGUNIANG PANLUNGSOD

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-278**

**KAPASIYAHANG NAGLALAYONG HILINGIN KAY KGG. RICARDO T. GLORIA, KALIHIM NG KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS NA GUMAWA NG KARAPAT-DAPAT AT MADALIANG HAKBANG SA IKALULUTAS NG USAPIN NI DR. AQUILINA RIVAS AT NG MGA GURO NG MUNTINLUPA.**

**********************************************************************************************************

Ipinanukala ni: **Kgg. VICTOR L. ULANDAY**

**********************************************************************************************************

**SAPAGKAT**, ang edukasyon ng mga kabataan ay napakahalaga sa buhay at kinabukasan ng ating bansa, kaya marapat lamang na ang anumang usapin o suliranin hinggil dito ay pag-ukulan natin ng pangunahing pansin o/at lunas;

**SAPAGKAT**, napakahalaga na maging huwaran ng mga batang mag-aaral ang magandang pagsasamahan, pagmamahalan at pakikitungo ng mga guro, punong-guro, supervisor at superintendent sa pagitan ng bawat isa sa kanila;

**SAPAGKAT**, si Dr. Aquilina Rivas ay ang kasalukuyang Superintendent ng mga mababa at mataas na mga paaralang pampubliko sa Lungsod ng Muntinlupa at sa bayan ng Pateros at Taguig;

**SAPAGKAT**, mahigit na isang libong guro sa labinlimang pampublikong paaralan sa Lungsod ng Muntinlupa ang lumagda sa petisyong naglalayong mailipat sa ibang lugar si Dr. Aquilina Rivas at ito ay inayunan ng labindalawang Punong-guro;

**SAPAGKAT**, ang usaping ito ay umabot na sa Tanggapan ng Kalihim ng Department of Education, Culture and Sports (DECS) at kasalukuyan itong pinag-aaralan at ginagawan ng kalutasan;

**SAPAGKAT**, ang hidwaan sa pagitan ni Dr. Aquilina Rivas at ng mga guro ay umabot na sa sukdulan sa pamamagitan ng sagutan at palitan ng mga paratang sa mga pahayagan at sa mga kapulungan ang kanilang pagbabati o "reconciliation" ay mahirap ng maganap dahil sa lamat na dulot ng usaping ito;

**NGAYON, DAHIL DITO**, ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay nagpasiyang hilingin kay **KGG. RICARDO T. GLORIA**, Kalihim ng Edukasyon, Kultura at Isports ang paggawa ng karapat-dapat at madaliang pagpapasiya sa ikalulutas usaping ito;

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa sa ginanap na ika 35 Regular na Sesyon ngayong ika 1 ng Abril, 1996 sa Silid Pulungan ng People's Center.

| | |
|---|---|
| **~~KGG. MELCHOR R. TEVES~~**<br>Konsehal | **KGG. DANTE S. ALMARIO**<br>Konsehal |
| **(Di-Lumahok)**<br>**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. VICTOR L. ULANDAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |

**Pahina -2-**
**Kapasiyahang Panglungsod Bilang 96-**

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**(Hindi Sang-ayon)**
**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**(Di-Lumahok)**
**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Brgy.

**KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS, JR.**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINAGTIBAY:

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod